CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 10, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Long Beach Magbubukas Muli ng mga Karagdagang Negosyo

Mga Bar, mga sentro ng kasiyahang pang pamilya, salon sa kuko ay hindi kabilang sa mga magbubukas

Long Beach, CA - Kasunod ng pagsusuri ng bagong patnubay ng Estado at lokal na data sa kalusugan, inihayag ng Lungsod ng Long Beach ngayon ang pagbubukas ng mga karagdagang negosyo kagaya ng mga gym at pasilidad sa kalusugan, day camp, museo at hotel simula Biyernes, Hunyo 12.

“Ang mga pagbubukas na ito ay isang pangunahing hakbang sa pagsulong sa pagpapasigla ng ating lokal na ekonomiya, ngunit ang COVID-19 ay nananatiling isang emerhensiya sa pampublikong kalusugan,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Sa lahat ng taong lumalabas sa ating komunidad, mangyaring tandaan na magsuot ng panakip sa mukha at madalas maghugas ng kamay upang mapanatiling ligtas ang ating komunidad.”

Ang isang pagbabago sa Utos sa Kalusugan at naaangkop na protokol sa kaligtasan ay paparating, at may kasamang kumpletong listahan ng mga negosyo na maaaring magbukas Hunyo 12, kabilang ang:

- Mga Gym and pasilidad sa kalusugan
- Professional sports without live audiences
- Propesyonal na isports na walang live na mga madla
- Mga day kamp para sa kabataan
- Mga museo, galeria, at ang Aquarium
- Mga campground, parke ng RV, at libangan sa labas

- Produksyon sa musika, pelikula, at telebisyon
- Mga hotel, panuluyan, at ilang mga panandaliang pagrenta para sa turismo at indibidwal na paglalakbay

Ang mga sumusunod ay mananatiling sarado:

- Mga Salon sa kuko
- Mga shop ng tatu
- Mga spa at masahe
- Mga Brewpub, craft distillery, brewery, bar, pub, at mga winery na hindi nagbebenta ng pagkain
- Mga sinehan
- Mga sentro ng libangang pangpamilya (hal. arcade, bowling alley)
- Mga teatrong live na pagtatanghal
- Mga sentro ng libangan, bulwagan ng konsyerto, at venue
- Mga istadyum
- Mga Arena
- Mga pasilidad sa palaruan aming facilities
- Mga pista

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Lungsod ay magsusubaybay ng epidemiolohikal na data sa susunod na linggo upang matukoy kung kailan maaaring buksan ang mga karagdagang negosyo na awtorisado ni Gobernador Gavin Newsom bilang parte ng Stage 3 na pagbubukas, tulad ng mga bar at sentro ng pang pamilyang libangan.

Binuksan ang mga lote sa beach ng 70 porsyentong kapasidad noong katapusang linggo. Ang mga paradahang hindi maaaring gamitin ay minarkahan ng mga “Walang Paradahan” upang magbigay ng karagdagang pisikal na pagdistansya. Ang mga palatandaan ay nakalagay sa mga pasukan ng lote at sa bawat istasyon ng bayaran. Ang homescreen sa istasyon ng bayaran ay nagpapayo rin sa mga gumagamit na huwag pumarada sa mga bawal na espasyo. Ang mga paradahan na ito ay hindi magagamit sa mga istasyon at sa Passport mobile aplikasyon sa paradahan.

Upang suportahan ang mga operasyon sa paradahan, isang ambasador ng paradahan ay ilalagay sa bawat lote Biyernes hanggang Linggo sa susunod na dalawang linggo

upang magbigay ng gabay. Ang mga lugar na madalas hawakan sa mga makina ay regular na lilinisin.

Ang pagkilos na ito ay ipinatupad ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod, Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa Emerhensiyang Kapangyarihan na ibinigay sa City Manager sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya. Ito ay epektibo kaagad sa Mayo 27, 2020, at maipagpatuloy hanggang mapalawak ito, pinawalang bisa, o baguhin sa sulat ng Opisyal ng Kalusugan.

Ang na-update na Utos sa Kalusugan ay nakahanay sa Resilience Roadmap ng County at California. Hinihikayat ang mga may-ari ng negosyo na suriin ang mga patnubay ng Estado bago ang paparating na binagong Utos sa Kalusugan ng Long Beach.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###